
PAGHAHANAP NG TRABAHO

3

ARALIN

TALAN NG MGA TATALAKAYIN

- Panimula
- Paghahanap ng mga Nakalistang Trabaho
- Pagbabasa at Pag-unawa sa mga Deskripsyon ng Trabaho
- Ito ba ay Akma?
- Konklusyon
- Pagtatasa sa estudyante

MGA LAYUNIN

Matututunan ng mga estudyante kung paano tukuyin ang mga trabaho.

Mauunawaan ng mga estudyante kung paano basahin at unawain ang isang deskripsyon ng trabaho.

Matututunan ng mga estudyante kung paano tukuyin kung ang isang trabaho ay isang magandang akma.

MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Whiteboard at mga marker (Bahagi I at II)
- Activity Sheet na “Halimbawang Post ng Trabaho” (Bahagi II)
- Access sa internet (Bahagi III)

Panimula

3 Minuto

Ipaalala sa mga estudyante ang huling beses na nagpasya silang manood ng isang pelikula. Tanungin, "Kapag pumipili ng isang pelikula, random lang ba kayong pumipili ng title at pinindot ang play?" Kunin sa mga estudyante na maraming pag-iisip at pagsasaalang-alang ang maaaring kasama sa pagpapasya kung anong pelikula ang panonoorin. Sabihin, "Maaari mong isaalang-alang ang uri ng pelikula na gusto mong makita, basahin ang paglalarawan upang makita kung interesado ka, o maghanap ng mga review bago magpasya."

Ipaliwanag sa mga estudyante na, kung paanong hindi sila basta-basta pumipili ng pelikulang panonoorin, ganoon din dapat kapag naghahanap ng trabaho. Sabihin sa mga estudyante na sa araling ito ay matututunan nila ang proseso ng paghahanap ng trabaho.

Bahagi I: Paghahanap ng mga Nakalistang Trabaho

15 Minuto

Layunin: Matututunan ng mga estudyante kung paano gamitin ang mga mapagkukunan para sa paghahanap ng trabaho.

1. Tutukuyin ng mga estudyante ang mga mapagkukunan sa paghahanap ng trabaho.

Tanungin ang mga estudyante kung saan sila maaaring makahanap ng impormasyon tungkol sa mga trabaho kung saan sila interesado at ilista ang kanilang mga sagot kung saan makikita ng lahat. (Maaaring kasama sa mga sagot ng estudyante ang mga search engine ng trabaho, mga website ng kumpanya, at mga social networking site.) Ipaliwanag sa mga estudyante na hindi lahat ng trabaho ay nakalista sa isang lugar, at maaaring kailanganin nilang maghanap sa maraming mapagkukunan upang mahanap ang tamang trabaho para sa kanila.

2. Mauunawaan ng mga estudyante kung paano maaaring i-post ang parehong uri ng trabaho sa ilalim ng iba't ibang mga pangalan.

Hilingin sa mga estudyante na magtaas ng kamay kung nakakita na sila ng insekto na naglalabas ng liwanag sa tag-araw. Pagkatapos kunin ang survey, humingi ng isang volunteer na ibahagi ang pangalan ng insekto na iyong inilarawan (maaaring sabihin ng mga estudyante na "alitaptap" o "firefly"). Ituro na tinutukoy ng mga tao ang insektong ito sa iba't ibang pangalan, tulad ng "alitaptap," "firefly," "glowworm," at "june bug." Sabihin, "Kahit na tinutukoy natin ang parehong bagay, maaari tayong magkaroon ng maraming iba't ibang pangalan para dito. Ito ay totoo rin para sa mga naka-post na trabaho."

Sabihin, "Halimbawa, ang ilang mga kumpanya ay maaaring tumukoy sa isang posisyon bilang isang 'Office Manager,' samantalang ang iba ay maaaring tawagin ang parehong trabaho na isang 'Office Administrator,' 'Executive Assistant,' o 'Office Coordinator.'" Bigyang-diin na, kapag naghahanap ng trabaho, mahalagang gawin ang tamang pananaliksik at tukuyin ang lahat ng posibleng mga titulo at paglalarawan para sa trabahong iyong hinahanap.

3. Maghahanap ang mga estudyante ng mga magkakatulad na trabaho na may iba't ibang titulo.

Pangkatin ang mga estudyante sa mga pares at sabihin sa kanila na bibigyan mo ang bawat isa sa kanila ng isang titulo ng trabaho at kailangan nilang maghanap ng iba't ibang paraan kung paano maaaring ilista ang titulo ng trabaho sa mga post. Maaaring kasama sa mga halimbawa ang:

- Communications Coordinator (hal., Engagement Manager, Marketing Coordinator)
- Customer Service Representative (hal., Receptionist, Technical Support)
- Data Scientist (hal., Data Engineer, Data Analyst)
- Event Planner (hal., Event Coordinator, Event Manager)
- Office Clerk (hal., Office Assistant, Office Worker)
- Project Manager (hal., Project Coordinator, Project Engineer)
- Security Guard (hal., Security Officer, Security Specialist)

Sabihin sa mga estudyante na mayroon silang limang minuto upang magtulungan bilang isang grupo at tukuyin ang maraming iba't ibang mga titulo ng trabaho para sa posisyong iyon hangga't maaari. Kapag natapos na sila, ipabahagi sa kanila ang kanilang mga natuklasan sa klase, na nag-aalok din ng iyong mga ideya.

Bahagi II: Pagbabasa at Pag-unawa sa mga Deskripsyon ng Trabaho

10 Minuto

Layunin: Mauunawaan ng mga estudyante kung paano basahin ang isang deskripsyon ng trabaho.

1. Matututunan ng mga estudyante kung bakit mahalagang basahin nang mabuti ang isang deskripsyon ng trabaho.

Sabihin sa mga estudyante na ang karamihan sa mga bakanteng trabaho ay nai-post na may isang paglalarawan na nagbibigay ng mga detalye sa posisyon na magagamit. Sabihin sa mga estudyante, "Maaaring mapansin ninyong ang iisang trabaho ay nakalista sa iba't ibang titulo, pero totoo rin ang kabaligtaran nito. Kung minsan, maaari mong makita na ang isang trabaho na may parehong titulo ay nakalista para sa maraming kumpanya, ngunit ang mga responsibilidad para sa posisyon ay maaaring maging makabuluhang naiiba. Kaya mahalagang basahin nang mabuti ang mga deskripsyon ng trabaho."

2. Babasahin ng mga estudyante ang isang deskripsyon ng trabaho at tutukuyin ang mga pangunahing termino at kinakailangan.

Sabihin sa mga estudyante, "Mahalagang bigyang-pansin ang lenggwahe ng isang deskripsyon ng trabaho, dahil karaniwan itong naglalaman ng mga keyword na naglalarawan kung ano ang hinahanap ng employer sa isang bagong empleyado." Ipamahagi ang mga kopya ng activity sheet na "Halimbawang Post ng Trabaho" sa bawat estudyante (alternatibo, maaari kang maghanap ng isang post ng trabaho online) at sabihin sa kanila na i-highlight ang impormasyong kailangan

nilang tugunan kapag nag-apply sila para sa trabaho (halimbawa, karanasan sa pamamahala ng mga social media account).

Pagkatapos ng limang minuto, ipabahagi sa mga estudyante kung ano ang kanilang na-highlight at ipaliwanag ang kanilang mga dahilan sa paggawa nito. Ipunto na ang ilang mga kwalipikasyon ay maaaring mukhang nakakatakot sa simula, ngunit karamihan sa mga employer ay hindi nangangailangan na taglayin ng mga aplikante ang lahat ng nakabalangkas. Kaya, mahalagang mag-apply para sa mga trabahong gusto mo kahit na hindi ka ganap na tumutugma sa paglalarawan. Sabihin, "Maaaring hindi mo pa naranasang mag-manage ng isang social media account sa propesyonal na paraan, pero may personal kang karanasan sa paggamit nito. Maaari ito ang maging dahilan kung bakit bagay ka para sa trabaho."

Susunod, sabihin, "Bukod sa pag-unawa sa mga pangunahing responsibilidad' at kwalipikasyon, ang pag-alam kung paano mag-apply ay napakahalaga. Madalas, hindi isasama ng mga tao ang kinakailangang dokumentasyon kapag nag-a-apply para sa isang trabaho." Ipunto na hinihiling ng post na ito ang isang cover letter at resume, ngunit maaaring humingi ng mas maraming impormasyon ang ibang mga trabaho, tulad ng mga transcript ng paaralan. Sabihin sa mga estudyante na kung saan mo ipapadala ang dokumentasyon ay ganoon din kahalaga. Hinihiling ng post na ito na i-email ito, ngunit maaaring humiling ang iba na i-upload ito ng mga aplikante sa isang portal ng trabaho ng kumpanya.

Sabihin, "Kung hindi mo babasahin nang mabuti ang isang deskripsyon ng trabaho, maaari mong makaligtaan ang ilang mahahalagang tagubilin, at ito ay maaaring maging sanhi ng pagkakadiskwalipika ng iyong aplikasyon nang hindi man lang nababasa. Gusto mong tiyakin na binibigyan mo ang iyong sarili ng pinakamahusay na pagkakataon na isaalang-alang para sa trabahong gusto mo."

Bahagi III: Ito ba ay Akma?

20 Minuto

Layunin: Pag-iisipan ng mga estudyante ang uri ng trabahong gusto nilang magkaroon.

1. Tutukuyin ng mga estudyante ang pagkakaiba sa pagitan ng mga trabahong nonprofit at for-profit.

Hilingin sa mga estudyante na itaas ang kanilang mga kamay kung alam nila ang pagkakaiba sa pagitan ng isang nonprofit at for-profit na trabaho. Pagkatapos ay sabihin sa mga estudyante na, sa pangkalahatan, ang isang nonprofit na organisasyon ay umiiral upang magbigay ng isang serbisyo sa isang komunidad, isulong ang isang layunin, o magtulungan patungo sa isang partikular na misyon. Ang isang for-profit na negosyo ay pangunahing nakatuon sa pagbuo ng isang kita. Sabihin, "Kapag nagpapasya sa isang landas sa karera, mahalagang isaalang-alang ang iyong mga interes. Mas gugustuhin mo bang tumuon sa direktang pagtulong sa iyong komunidad o sa pagtulong sa isang negosyo na maging matagumpay hangga't maaari?"

Bigyang-diin na walang tamang sagot sa tanong na ito—maraming mga for-profit na negosyo ang gumagawa ng maraming kabutihan para sa kanilang komunidad at sumusuporta sa iba't ibang mga layunin, at maraming tao sa nonprofit na sektor ang maaaring maging napakatagumpay. Sabihin, "Ang mahalagang bagay ay isaalang-alang kung anong landas ang magiging pinakaakma para sa iyo at sa iyong mga interes."

2. Matututunan ng mga estudyante na mahalaga ang pagsasaliksik sa isang kumpanya.

Sabihin sa mga estudyante na isang mahalagang hakbang sa proseso ng paghahanap ng trabaho ay ang pagsasaliksik sa kumpanya na interesado nilang pagtrabahuan. Sabihin, "Ang pag-alam ng maraming bagay hangga't maaari tungkol sa isang kumpanya ay maaaring makatulong na mailagay ka sa unahan ng ibang mga aplikante kapag nag-a-apply para sa isang trabaho." Ipunto na karamihan sa mga kumpanya ay may mga social media account at mga web page, at ang ilan ay maaaring may mga artikulo sa balita, press release, o mga pahina sa Wikipedia. Bigyang-diin na

ang pag-alam tungkol sa kanilang potensyal na employer ay makakatulong sa kanila sa proseso ng aplikasyon at interview, pati na rin magbigay sa kanila ng mas malawak na pag-unawa kung paano pinapatakbo ng employer ang negosyo.

3. Matututunan ng mga estudyante kung paano magsaliksik sa kultura ng isang kumpanya.

Sabihin sa mga estudyante, "Bagama't mahalagang magsaliksik tungkol sa isang kumpanya upang matulungan ka sa proseso ng aplikasyon, maaari rin itong maging isang pagkakataon upang matuto nang higit pa tungkol sa kultura ng kumpanya." Ipaliwanag na mayroong mga website na nagpapahintulot sa mga kasalukuyan at dating empleyado na ipahayag ang kanilang mga opinyon sa isang kumpanya. Sabihin, "Ang mga website na tulad nito ay maaaring mag-alok ng mahalagang pananaw sa kung ano ang karaniwang araw sa isang kumpanya at magbigay din ng higit pang mga detalye sa mga benepisyo, kalagayan sa trabaho, at iba pa."

Papiliin ang mga estudyante ng isang kilalang kumpanya na maaaring gusto nilang pagtrabahuan at maglaan ng 10 minuto upang magsaliksik kung ano ang pakiramdam na magtrabaho doon. Sabihin sa kanila na isaalang-alang ang mga bagay na mahalaga sa kanila (halimbawa, mga pagkakataon para sa pagsulong, balanse sa trabaho-buhay, o mga saklaw ng suweldo). Kapag natapos na sila, ipabahagi sa mga volunteer kung ano ang kanilang natutunan sa klase. Mayroon bang nakagulat sa kanila tungkol sa pagtatrabaho sa isang partikular na kumpanya? Itanong, "Pagkatapos ninyong magsaliksik tungkol sa kumpanyang ito, mas interesado ba kayo o mas nawalan ng interes na magtrabaho roon?"

Konklusyon

2 Minuto

Hilingin sa mga estudyante na pangalanan ang tatlong mahahalagang hakbang sa paghahanap ng trabaho. Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa aralin:

- Unawain ang iba't ibang paraan kung paano nai-post ang mga trabaho.
- Basahin nang mabuti ang isang deskripsyon ng trabaho.
- Magsaliksik tungkol sa employer at tiyaking naakma kayo sa isa't isa.

Sabihin sa mga estudyante na, bagama't maaaring nakakatakot sa simula ang proseso ng paghahanap ng trabaho, ang paghahati nito sa mas maliliit na hakbang ay makakatulong upang magkaroon sila ng kumpiyansa sa pag-aapply. Pagkatapos, isulat ang sipi na ito kung saan makikita ng lahat at hikayatin ang mga estudyante na isulat ito sa kanilang journal, "Ang posibilidad na matupad ang isang pangarap ang nagpapasaya sa buhay."

Pagtatasa sa Estudyante

1. Ano ang tatlong mapagkukunan para sa mga pag-post ng trabaho?
2. Anong impormasyon ang dapat mong hanapin sa isang deskripsyon ng trabaho?
3. Paano mo matutukoy kung ikaw ay naakma ka para sa isang trabaho, at vice versa?

MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

PAGGAMIT NG MGA SIPI

“Karaniwan nang nakatago sa anyo ng matinding pagsusumikap ang mga oportunidad, kaya hindi ito agad nakikilala ng karamihan.”

Hilingin sa mga volunteer na kumpletuhin ang pangungusap na ito: “Gagawa ako ng sarili kong mga oportunidad sa pamamagitan ng...”

PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Pasulatin ang mga estudyante tungkol sa kung ano ang kanilang nararamdaman sa paghahanap ng trabaho. Ipalarawan sa kanila kung ano ang kanilang nakikitang nakakapanabik at ano ang mga bagay na nakita nilang hamon. Hilingin sa mga volunteer na estudyante na ibahagi ang entry ng kanilang journal.

PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Ipakumpleto sa mga estudyante ang libreng personality test sa www.16personalities.com/free-personality-test. Pagkatapos matanggap ng mga estudyante ang kanilang mga resulta, tanungin kung mayroong anumang mga karera na sa tingin nila ay maaaring maging akma para sa kanila. Tanungin din kung may mga inirekumendang karera na hindi pa nila isinaalang-alang.

TAKDANG-ARALIN

Ipatukoy sa mga estudyante ang limang mapagkukunang partikular sa industriya (*halimbawa, mga trabaho sa edukasyon, mga trabaho sa larangan ng medikal, mga trabaho sa lokal na pamahalaan*) kung saan nai-post ang mga trabaho at dalhin ang mga ito sa klase sa susunod na araw.

PAGGAMIT NG MGA SIPI

“Isang bagay na dapat tandaan ay hindi ka nag-iisa. Maraming tao ang nakaranas ng hirap sa paghahanap ng trabaho at pananatiling motivated ngunit nagpatuloy at natagpuan ang trabaho na kanilang pinapangarap. Hindi ito laging mabilis o madali, ngunit posible at mangyayari ito.”

Hikayatin ang mga estudyante na isulat ang sipi na ito at i-display ito sa bahay kung saan nila ito makikita.

PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Bago simulan ang aktibidad na ito, maghanda ng anim na sagot na maaaring marinig ng mga estudyante mula sa isang hiring manager kapag nagtatanong tungkol sa mga part-time na trabaho (*halimbawa, "Hindi kami hiring," "Mangyaring mag-apply online," "Ano ang iyong mga kwalipikasyon?"*). Isulat ang mga sagot na ito sa pisara at magtalaga sa bawat isa ng isang numero mula isa hanggang anim. Pagpares-paresin ang mga estudyante at magpapalitan sila sa pagganap bilang naghahanap ng trabaho at hiring manager. Ang mga estudyante na gumaganap bilang hiring manager ay dapat magpaikot ng dice upang matukoy kung alin sa anim na sagot ang gagamitin.